

Chiba Police



Litrato ng mukha



Ranggo

Buong pangalan



Mga karatula sa kalsada

 Stop	 Sarado ang kalsada sa tao at lahat na sasakyan	 One way
 Sarado ang kalsada sa sasakyan	 Bawal pumasok ang sasakyan	 Bawal dumaan ang specified small motorized bicycles at bisikleta
 Maximum Speed (50km/oras)	 Bawal pumarada at huminto	 Bawal pumarada
 Bawal pumasok sa kanang lane para lumampas sa ibang sasakyan	 Bawal mag-U-turn	 Bawal tumawid ang taong naglalakad o katulad nito
 Maximum Height	 Dito na nagsisimula ang regulasyon	 Dito na nagtatapos ang regulasyon
 Dumaan lamang sa direksyon na nakasaad	 Para lang sa kotse	 Para lang sa specified small motorized bicycles at bisikleta
 Para lang sa taong naglalakad o katulad nito	 Para lang sa ordinaryong bisikleta, taong naglalakad o katulad nito	 Tawiran ng tao

Para mag-drive ng sasakyan

Kategoriya ng lisensiya	Panahon na puwedeng mag-drive
Japanese Driver's License	Sa loob ng panahon ng bisa
International Driving Permit na nakabatay sa kasunduan tungkol sa trapiko(Geneva Convention)	Ang mas maikling panahon sa dalawa:isang taon mula sa pagdating sa Japan o bisa ng lisensiya ※ Kung ang taong nakarehistro sa Basic Resident Register na nakakuha ng confirmation ng paglabas ng Japan o permiso ng muling pagpasok sa Japan, at lumabas ng Japan, at muling bumalik sa Japan bago umabot sa tatlong buwan ang kanyang pagtira sa ibang bansa, ang araw ng pagbalik(pagpasok) sa Japan ay hindi ibibilang na araw ng simula ng panahon na puwedeng magmaneho.
Foreign Driver's License para sa pag-dadrive ng sasakyan at iba pa (na ipinagkaloob ng mga bansa na nakasulat sa paalaala sa ibaba)	

※ Kailangan ang isang Driver's License sa mga nakasulat sa itaas.

(Paalaala)

- Limang bansa at isang pook : Switzerland, Alemanya, Pransiya, Belhika, Monaco o Taiwan
- Kailangang dalhin ang Japanese translation na ginawa ng taong nakatakda sa cabinet order

※ Ang dokumentong ito ay ginawa batay sa kalagayan, sistema at iba pa noong 09/30/2025

Kung mawawala ang ari-arian ninyo (Pagkawala)

Pag-uulat

- Kung mawawala ang ari-arian ninyo sa lugar na panlahat(kalsada, parke at iba pa), i-report sa police station, police box at iba pa.
- Kung mawawala ang ari-arian ninyo sa loob ng facilities(katulad ng department store, estasyon at iba pa), makipag-ugnayan kayo sa pulis at nasabing lugar.

Pagpigil sa paggamit sa masama


- Kung mawawala ang mga bagay katulad ng credit card at iba pa, kontakin ninyo ang tagapag-isyu at gawin ang proseso para itigil ang paggamit.
- Kung mawawala ang pasaporte, mag-ulat kayo sa konsulado.

Ang mangyayari pagkatapos ng pag-uulat

- Batay sa pag-uulat ng nawawalang ari-arian, ang pulis ay magtsetsek sa database kung napulot ang nawala ninyong ari-arian.



Kung makakapulot kayo ng ari-arian ng ibang tao (Pagpulot)



Pag-uulat

- Kung may mapupulot na ari-arian ng iba, kaagad ninyong isauli sa may-ari o i-report sa pulis. Puwede kayong mag-report saanmang police station o police box/police substation.
- Kung may mapupulot na ari-arian ng iba sa loob ng facilities, i-report sa tagapamahala ng nasabing lugar.

Pagmamay-ari

- Kung hindi makikilala ang may-ari ng bagay sa loob ng panahon ng pagtatago na tatlong buwan mula sa araw ng pag-uulat, sa loob ng dalawang buwan mula pagkatapos ng nasabing panahon, ang nakapulot ay puwedeng tumanggap ng napulot na bagay.
- Hindi ipapaalam ng pulis sa inyo ang araw ng katapusan ng panahon ng pagtatago. Mag-tsek kayo at mag-apply.

Gastos at Pabuya

- Kung makikilala ang may-ari ng bagay, ang nakapulot ay puwedeng humingi ng gastos para sa pag-uulat at pagtatago. Puwede ring tumanggap ng pabuyang nagkakahalaga ng 5% hanggan 20% ng halaga ng bagay na napulot. Mawawala ang karapatang humingi ng gastos at pabuya pagkalampas ng isang buwan mula sa araw ng pagsasauli ng ari-arian sa may-ari.
- Hindi makikialam ang pulis sa pagbabayad ng gastos at pabuya subalit puwedeng magpaalam sa inyo ng contact number ng may-ari.

Kung nasa Japan pa kayo

Matapos bumalik sa bansa ninyo

Gastos at Pabuya

Kung matutuklasan ang ari-arian ninyo

- Puwede kayong tumanggap sa police station kung saan dinala ang nawala ninyong ari-arian.(Maaaring magkaiba ang police station na dapat ninyong puntahan at ang police station na sinabmitan ng ulat mo.)
- Puwede kayong tumanggap sa pamamagitan ng pagpapadala sa sarili ninyong gastos. Sa ganitong lagay, kumonsulta kayo sa police station kung saan dinala ang nawala ninyong ari-arian.

- Kokontakin kayo ng pulis kapag napulot ang nawala ninyong ari-arian sa pamamagitan ng inyong contact information. Kumonsulta kayo tungkol sa paraan ng pagtanggap.
- Mahirap ang pagpapadala sa ibang bansa dahil sa problema ng pambayad sa pagpapadala. Tumanggap kayo ng ari-arian ninyo sa pamamagitan ng taong nandito sa Japan(kinatawan ninyo). Kung gusto ninyong magpatanggap sa kinatawan ninyo, kailangan ang “letter of attorney”.

- Ayon sa Lost Property Act ng Japan, kung maibabalik ang nawalang bagay sa may-ari nito, ang may-ari ay magkakaobligasyong magbayad ng gastos sa pag-uulat o pagtatago at pabuyang nagkakahalaga ng 5% hanggan 20% ng halaga ng nawalang bagay hangga’t hindi ipaubaya ng nakapulot ang karapatan.
- Hindi makikialam ang pulis sa pagbabayad ng gastos at pabuya. Makipag-usap kayo sa nakapulot.

Paubaya o pagkakawala ng karapatan

- Ang pagmamay-ari at karapatang humingi ng pabuya ay puwedeng ipaubaya. (Puwedeng ipaubaya ang isa lang sa dalawa.)
- Kung hindi iuulat ang nawalang bagay sa loob ng pitong araw pagkatapos mapulot ito (24 oras kung ito ay nasa loob ng isang pasilidad), mawawala ang karapatang humingi ng pagmamay-ari at pabuya.

Pagtanggap ng napulot mong bagay

- Sa pagtanggap ng bagay na naging sa inyo ang pagmamay-ari, kailangan ninyong pumunta sa police station kung saan kayo nag-ulat. Kung nasa Japan kayo, puwedeng tumanggap sa pamamagitan ng pagpapadala sa sarili ninyong gastos.
- Mahirap ang pagpapadala sa ibang bansa dahil sa problema ng pambayad sa pagpapadala. Tumanggap kayo ng napulot na bagay sa pamamagitan ng taong nandito sa Japan(kinatawan ninyo) sa pagtanggap pagkauwi ninyo sa bansa ninyo. Kung gusto ninyong magpatanggap sa kinatawan ninyo, kailangan ang “letter of attorney” na may nakasulat na ipinagkatiwala ninyo ang pagtanggap.
- Kumonsulta kayo sa police station kung saan dinala ang iniulat ninyong bagay na napulot tungkol sa paraan ng pagtanggap.

Sundin natin ang Chiba Cyc-rule



(Tuntunin sa Chiba Prefecture para magbisikleta nang kaligtasan)

Tuntunin bago magbisikleta

- ① Kumuha ng insurance para sa bisikleta.
- ② Ugaliing suriin ang iyong bisikleta upang masigurong nasa maayos na kondisyon ito.
- ③ Gumamit ng mga reflector.
- ④ Magsuot ng helmet.
- ⑤ Huwag magbisikleta nang lasing.

Tuntunin habang nagbibisikleta

- ① Manatili sa kaliwang bahagi ng kalsada.
- ② Bigyang-daan ang mga naglalakad.
- ③ Huwag gumawa ng ibang bagay habang nagbibisikleta tulad ng paggamit ng payong, smartphone, earphones o katulad nito.
- ④ Siguraduhing ligtas bago tumawid sa interseksyon.
- ⑤ Gumamit ng bike light kapag madilim.

Upang makaiwas kayo sa krimen



Luggage lifting

- Huwag na huwag ninyong iwan ang kagamitan ninyo nang walang bantay.
- Ang mga mahahalagang bagay ay dapat nakadikit sa katawan ninyo.



Pagdukot

- Sa mataong lugar, ang bag ninyo ay dapat nasa harap ng katawan ninyo at hindi sa likod.
- Huwag kayong maglagay ng cellphone o pitaka sa back pocket ninyo nang walang ingat.



Pag-agaw

- Ilagay ninyo ang bag nang pa-cross sa katawan.
- Maghawak kayo ng gamit ninyo sa kabila ng kalsada.
- Lumingon kayo kung marinig ang tunog ng motor.
- Magkabit kayo ng takip sa basket ng bisikleta.

Emergency Number

Pulis
(Krimen · Aksidente)

1 1 0



Patrol Car

Fire Department
(Sunog · Medikal)

1 1 9



Trak na pamatay-sunog



Ambulansiya

Pagbibigay ng impormasyon

Website ng Chiba Police
<http://www.police.pref.chiba.jp>

May mga iba't ibang impormasyon sa website ng Chiba Police.



Kung magkaroon kayo ng krimen o aksidente : Pagtawag sa 110 (Komunikasyon para sa tatlong tao)



◆ Sa pangyayari ng krimen o aksidente sa Japan, 110 ang emergency call number.

◆ Ang pagtawag sa 110 sa loob ng Chiba ay sasagutin ng Communications Command Center ng Chiba Police Headquarters.

◆ Habang nakikinig ang Communications Command Center sa sinasabi ng tumawag, nag-uutos sa police station o patrol car gamit ang radyo at nagpapapunta ng police officer.

◆ Kung tatawag ang dayuhang hindi marunong ng Japanese, tatanungin namin sa pamamagitan ng tagapagsalin (Komunikasyon para sa tatlong tao).

Kung tatawag kayo sa 110...

Ang mga itatanong namin ay

- Krimen ba o aksidente? Anong nangyari?
- Kailan iyan?
- Saan iyan?
- Anong klaseng krimen(aksidente) iyan?
- Sino ang kriminal?
- Ano ang pangalan mo? at iba pa

Huwag kayong magmadali. Huminahon kayo at sumagot.

